


ISSN 2651-7108

TALA KASAYSAYAN
An Online Journal of History

## ARTICLES


1 Panimulang Pagbabalangkas sa Ugnayan/Pagkaka-Ugnay ng Panlasang Kapilipinuhan sa mga Piling Pagkaing Natikman Sa Ibayong Dagat ng Timog Silangang Asya
Axle Christien Tugano

46 A Southern Baptist Story in the Philippines: The Life and Ministry of Henry P. Silbor, 1938-2010
John Paul L. Arceno

78 An Ethnography of Ibanag Warfare and Weaponry Based on Spanish Colonial Records
Jan Karl C. Coballes And Harold S. de la Cruz

141 STAR GAZING IN THE TIME OF COVID-19: The Animated Giant Lantern as Expression of Hope, Unity, and Instruction
Dominique Angela M. Juntado

163 Fort Isabela II: The Making of Basilan Colonial History 1845-1898
Edwin F. Pamaran


## BOOK REVIEWS


199 Ang Historiograpiyang Third Way at ang Tugon ng Pantayong Pananaw: Isang Kritikal na Pagbasa sa Historiograpiya ni Resil Mojares
Mark Joseph Pascua Santos

217 Reinventing the Philippine Revolution
Luis Zuriel P. Domingo


IV:1

JUNE 2021

# Book Review

## Mojares, Resil B. *Interrogations in Philippine Cultural History: The Ateneo de Manila Lectures.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017.

# Ang Historiograpiyang Third Way at ang Tugon ng Pantayong Pananaw: Isang Kritikal na Pagbasa sa Historiograpiya ni Resil Mojares

**Mark Joseph Pascua SANTOS**
Centro Escolar University
mjpascuasantos@gmail.com
https://orcid.org/0000-0003-0729-5895

**ABSTRAK**

Ang panunuring-aklat na ito ay interogasyon sa isang partikular na aspekto ng historiograpiya ni Resil Mojares. Sa pamamagitan ng pagbasa sa kanyang Interrogations in Philippine Cultural History bilang isang ehemplong tekstong historiograpikal, inilalatag ng panunuring-aklat na ito ang suhestiyon na mula sa punto-de-bista ng Pantayong Pananaw ay maituturing na malapit ang pagkakahawig ng historiograpiya ni Mojares sa balangkas pangkaisipan ng historiograpiyang Third Way. Binibigyang-tuon dito ang manaka-nakang puna ni Mojares sa tinatawag niyang "ethnonationalism", na ang isa sa pinakamaunlad na anyo sa kasalukuyan ay ang Pantayong Pananaw. Nagtangka rin na maghain sa panunuring-aklat na ito ng kritika ng Pantayong Pananaw sa historiograpiyang Third Way, sa pamamagitan ng pagtugon sa mga punto ni Mojares.

***Mga Susing Termino:*** *Resil Mojares, historiograpiyang Third Way, Pantayong Pananaw, nasyonalistang historiograpiya, kolonyal na historiograpiya*

Santos, Mark Joseph Pascua. "Ang Historiograpiyang Third Way at ang Tugon ng Pantayong Pananaw: Isang Kritikal na Pagbasa sa Historiograpiya ni Resil Mojares." *TALA* 4:1 (June 2021), 199 – 216.

## Ang Aklat at ang May-akda

Ang aklat na *Interrogations in Philippine Cultural History*[1] ni Resil Mojares ay kalipunan ng mga papel na inihanda ng may-akda para sa Master Teacher Lecture Series na ginanap mula Nobyembre 2014 hanggang Pebrero 2015 sa Unibersidad ng Ateneo de Manila, sa pangunguna ng Department of Interdisciplinary Studies. Dalawang papel sa mga ito ang inalis (sa kadahilanang nailimbag na sa ibang aklat) at pinalitan ng dalawang panibagong papel na ibinahagi sa mga kumperensya sa Madrid at Kyoto. Naglalaman ito ng walong sanaysay na bumabagtas sa iba't ibang larangan: mula historiograpiya at kasaysayang pangkapaniwalaan, hanggang literatura at kasaysayang buhay.

Ang pagiging samu't sari ng mga paksa ng aklat ay sumasalamin sa ilang dekadang interdisiplinaryong kapantasan ni Resil Mojares. Si Mojares, *Professor Emeritus* ng Unibersidad ng San Carlos, ay may 'di-gradwadong pag-aaral sa Ingles, masterado sa literatura (kapwa mula sa Unibersidad ng San Carlos) at doktorado sa literatura (mula sa Unibersidad ng Pilipinas). Bilang tagapagtatag ng Cebuano Studies Center, siya rin ay naglingkod bilang direktor nito mula 1975 hanggang 1996. Nagturo siya bilang panauhing propesor sa mga unibersidad ng Wisconsin, Hawaii, Michigan, Kyoto, at Singapore. Ilan sa mga parangal niyang natanggap ay ang Centennial Award for Cultural Research mula sa Cultural Center of the Philippines at ang prestihiyosong Gawad Tanglaw ng Lahi mula sa Unibersidad ng Ateneo de Manila. Sa pamamagitan ng pagtingin sa titulo ng ilan niyang publikasyon ay mababanaag ang interes niya sa iba't ibang disiplina: *Origins and Rise of the Filipino Novel*[2], *Theater in Society, Society in Theater: Social History of a Cebuano Village*[3], *From Marcos to Aquino: Local Perspectives on Political Transition in the Philippines*[4], *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T.H. Pardo de Tavera, Isabelo de los Reyes and the Production of Modern Knowledge.*[5] Bilang pagpupugay sa kanyang buhay akademiko ay nagpasinaya ang Center for Southeast Asian Studies ng Unibersidad ng Kyoto at School of Social Sciences ng Ateneo ng isang *festschrift conference* na may

[1] Resil B. Mojares, *Interrogations in Philippine Cultural History: The Ateneo de Manila Lectures* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017).

[2] Resil B. Mojares, *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Filipino Novel, Until 1940* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1983).

[3] Resil B. Mojares, *Theater in Society, Society in Theater: Social History of a Cebuano Village* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1985).

[4] Resil B. Mojares and Benedict J. Kerkvliet, *From Marcos to Aquino: Local Perspectives on Political Transition in the Philippines* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1991).

[5] Resil B. Mojares, *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T.H. Pardo de Tavera, Isabelo de los Reyes and the Production of Modern Knowledge* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2006).

© 2021 Mark Joseph Pascua Santos

temang "Bridging Worlds, Illumining the Archive: An International Conference in Honor of Professor Resil B. Mojares", na ginanap noong ika-30 hanggang ika-31 ng Hunyo taong 2018. Ang ilan sa mga papel na ibinahagi rito ay tinipon at inilimbag sa isang espesyal na isyu ng *Philippine Studies* bilang *festschrift* ni Mojares.[6] Taong 2018 din siya nahirang bilang Pambansang Alagad ng Sining para sa literatura.[7]

## Ang Bakas ng Historiograpiyang *Third Way* sa Aklat ni Mojares at Ilang Tugon para sa Pantayong Pananaw

Hindi man direktang nabanggit ang terminong "*Third Way*" sa buong aklat, hindi maitatatwa na malapit ang pagkakahawig ng nilalamang historiograpiya ng aklat sa ilang pangunahing paninindigan ng historiograpiyang *Third Way*. Marahil ay marapat na magbigay ng kaunting kaligiran ukol sa *Third Way* bago simulan ang kritikal na pagbasa.

Ang *Third Way* ay maaaring ituring bilang isang eskwela ng kaisipan sa historiograpiya. Nagmula ang pangalan nito buhat sa konsiderasyon na sumunod ito sa dalawang naunang dambuhalang daluyong sa kasaysayan ng historiograpiya sa Timog Silangang Asya sa pangkabuuan, at Pilipinas sa partikular. Ang unang daluyong ay tinatawag na kolonyal na historiograpiya. Ito ay tumutukoy sa pamamaraan ng pagsulat ng kasaysayan na alinsunod sa pananaw ng mga banyagang mananakop. Sa tipikal na naratibong kolonyal, ang laging nasa sentro ay ang mga Espanyol habang ang mga Pilipino ay itinuturing na pasibong tagatanggap lamang ng mga aktibong kilos ng mga mananakop. Sa katunayan, ang kasaysayang ipinapangalandakan ng mga Espanyol sa mga Pilipino ay hindi naman talaga kasaysayan ng Pilipinas, bagkus ay kasaysayan ng Espanya sa Pilipinas.[8] Sentral din sa historiograpiyang ito ang tinatawag na "*bipartite*" o dalawahang panahunan kung saan pinapaniwalaan nila na nahahati sa dalawang yugto ang kasaysayan ng Pilipinas: 1. Kadiliman bago sila dumating sa arkipelago, at 2. Kaliwanagan matapos simulan ang kolonisasyon. Ipinangangalandakan nila na bago sila dumating ay madilim ang kalalagayan sa Pilipinas: wala tayong sariling sibilisasyon, walang sariling relihiyon, walang

[6] *Philippine Studies* Vol. 67, No. 3-4 (2009), Festschrift in Honor of Prof. Resil B. Mojares.

[7] Cris Evert Lato-Ruffolo, "Mojares: National Artist Makes Cebuanos Proud," *Inquirer.Net*, November 4, 2018, https://newsinfo.inquirer.net/1050184/mojares-national-artist-makes-cebuanos-proud, accessed on February 1, 2021.

[8] Zeus A. Salazar, "A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History," in *The Ethnic Dimension: Papers on Philippine Culture, History, and Psychology*, ed., Zeus A. Salazar (Cologne: Counseling Center for Filipinos, Caritas Association of the City of Cologne, 1983), 109.

© 2021 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

organisadong pamahalaan, atrasado ang teknolohiya, at nakabababa ang uri ng kultura. Dagdag pa ng mga ito, ang pagdating lamang nila ang nakapagligtas sa mga Pilipino mula sa kabarbaruhan dahil na-sibilisa at na-Kristiyanisa nila tayo.[9]

Ang sumunod na daluyong ay ang nasyonalistang historiograpiya. Ito ay tugon sa mga kalabisan ng kolonyal na historiograpiya. Pinasimulan nina Rizal (sa anotasyon niya kay Morga) at Bonifacio (sa kanyang *Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog*), iginiit nila ang kanilang bersyon ng kasaysayan ng Pilipinas na alinsunod sa "*tripartite*" o tatluhang panahunan: 1. Kaliwanagan bago ang pagdating ng mga Espanyol, 2. Kadiliman sa panahon ng kolonyalismo, at 3. Muling kaliwanagan sa pagkamit ng kalayaan. Taliwas sa pinangangalandakan ng mga Espanyol, iginiit nila na may sibilisasyon na ang mga katutubo bago pa man ang pagdating ng mga Espanyol, na may malawak pa nga tayong ekonomikong pakikipag-ugnayan sa mga karatig bansa.[10] Pagdating ng mga Espanyol, sa halip na kaginhawaan ay kaapihan ang naranasan ng mga Pilipino, at ang mga ito pa nga ang nagpabagsak ng ating kabihasnan. Muli lamang babalik ang kaliwanagan ng kabihasnang Pilipino matapos malansag ang kolonyalismong Espanyol. Ngunit pagpasok ng mga Amerikano ay muling namayani ang kolonyal na historiograpiya sa Pilipinas, at napunta na naman sa gilid ng naratibo ang mga Pilipino. Muli lamang nagbalik ang nasyonalistang pagsulat ng kasaysayan ilang dekada matapos ang pagkamit ng kalayaan ng Pilipinas, na makikita lalo na sa mga sulatin nina Teodoro Agoncillo, Renato Constantino, Zeus Salazar, at Reynaldo Ileto. Sentral na proposisyon ng historiograpiyang ito ay ang paggigiit na ang kasaysayan ng Pilipinas, kung saan ang pangunahing tauhan ay mga Pilipino, ay marapat na tingnan alinsunod sa perspektiba mismo ng mga Pilipino.

Sa loob ng balangkas ng nasyonalistang historiograpiya ay dalawang naratibo ang lumitaw. Una ay ang Marxistang historiograpiya. Sa bersyong ito ng nasyonalistang pagsasakasaysayan, ang tinitingnan na pangunahing tagapagpakilos ng kasaysayan ay walang iba kundi ang "bayan." Ang "bayan" sa pakahulugan ng Marxistang historiograpiya ay hindi tumutukoy sa buong Kapilipinuhan, bagkus ay sa isang panlipunang uri sa loob nito – ang mga Pilipinong nasa laylayan ng bahagdang panlipunan. Ang kasaysayan ay tinitingnan bilang isang daloy ng naratibo ng Kapilipinuhan na nahahati sa

---

[9] Zeus A. Salazar, "Ang Pantayong Pananaw bilang Diskursong Pangkabihasnan," in *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan*, eds., Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, and Vicente Villan (Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1997), 92.

[10] Ambeth Ocampo, *Meaning and History: The Rizal Lectures* (Mandaluyong City: Anvil Publishing Inc, 2013), 93-94.

© 2021 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

dalawa: sa taas ay ang mga "elit," "burgis," "kapitalista," "naghaharing-uri," at "panginoong may-lupa," habang sa ibaba naman ay ang "masa" "proletaryado," "manggagawa," at "magsasaka." Makikitaan ng ganitong tema ang mga sulatin ni Agoncillo, lalo na ang kanyang *Revolt of the Masses.*[11] Sa pinakarurok ng kasaysayang Pilipino (Himagsikang 1896) ay inilagay niya ang masa bilang pangunahing tagapagpagalaw nito. Sa gitna ng masang ito ay si Bonifacio, ang plebeyo *par excellence*. Gayundin naman, litaw na litaw ang ganitong mga naratibo sa mga akda ni Constantino. Sa unang bahagi ng dalawang tomong aklat niya sa kasaysayan ng Pilipinas ay nagwika siya ng ganito:

> But beyond writing Philippine history from the point of view of the Filipino, the task is to advance to the writing of a truly Filipino history, the history of the Filipino people. This means that the principal focus must be on the anonymous masses of individuals and on the social forces generated by their collective lives and struggles.[12]

Ang ikalawang sangay naman ng nasyonalistang historiograpiya ay ang diskurso ng indihenisasyon/pagsasakatutubo o Pilipinisasyon. "Bayan" din ang tinitingala nito bilang tagapaghulma ng kasaysayan, datapuwat kaiba sa Marxismo ang pakahulugan nito sa termino. Sa diskurso ng Pilipinisasyon, ang "bayan" ay tumutukoy sa isang bahagi ng Kapilipinuhan na taal o nakaugat sa katutubong kalinangan. Ayon kay Guillermo,[13] ang pinakamaunlad na porma ng indihenisasyon ay ang Pantayong Pananaw (PP) ni Zeus Salazar. Tulad ng Marxismo, hinahati nito ang lipunang Pilipino sa dalawa. Ngunit kaiba muli sa Marxismo na ang batayan ay ekonomiko, hinahati ng PP ang lipunan batay sa kultura: ang mga "elit," "akulturado," "napasa-Kanluran," "Inglesero" sa isang banda, at ang mga "katutubo," "bayan," "taal" sa kabilang banda.[14]

---

[11] Teodoro A. Agoncillo, *Revolt of the Masses: The Story of Bonifacio and the Katipunan*, 2002 Edition (Quezon City: University of the Philippines Press, 2002).

[12] Renato Constantino, *A Past Revisited* (Quezon City: Renato Constantino, 1975), 5.

[13] Ramon Guillermo, *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2009), 3.

[14] Sa pananaw ng iba, ang ganitong pakahulugan sa nasyonalistang historiograpiya ay masyadong limitado sa anti-kolonyalistang uri ng nasyonalismo. Halimbawa, sa sanaysay ni Rommel Curaming na "Hegemonic Tool? Nationalism in Philippine History Textbooks, 1900-2000", *Philippine Studies* Vol. 65, No. 4 (2017): 444, sinipi niya ang kategorya ng "*colonial nationalism*" ni Abinales, kung saan maipapailalim ang bersyon ng "nasyonalismo" ng mga historyador na nagpapahalaga sa banyagang impluwensya (tulad halimbawa ni Conrado Benitez at Gregorio Zaide). Sa kabila nito, ang tradisyunal na anti-kolonyalistang pagpapakahulugan sa nasyonalistang historiograpiya pa rin ang aking gagamitin sa rebyu na ito, na tumutukoy sa tradisyong pangkasaysayang kinapapalooban nina Agoncillo, Constantino, at Salazar.

© 2021 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

Sa kontekstong ito lumitaw ang *Third Way* bilang tugon kapwa sa kolonyal na historiograpiya sa isang banda, at sa nasyonalistang historiograpiya ng Marxismo at PP sa kabilang banda. Sa isang awtobiograpikal na sanaysay ay isinalaysay ni Ileto na ang pagsisimula nito ay maiuugat sa mga pag-aaral ng mga pantas ng programang Southeast Asian Studies ng Cornell University na sina Benedict Anderson, Harry Benda, John Smail, at iba pa.[15] Tinangka nilang maghanap ng alternatibong diskurso na kakawala sa tila walang patutunguhang pagbabangayan ng kolonyal at nasyonalistang historiograpiya. Layunin ng *Third Way* na bumuo ng isang "*autonomous history*" ng Timog Silangang Asya na obhektibo at hindi nagpapadala sa 'di-umano'y emosyonal na tunggalian ng kolonyal at nasyonalistang historiograpiya. Sa pananaw ng *Third Way*, isinasakripisyo ng mga historiyador na kabilang sa dalawang panig na ito ang kapantasan sa altar ng tunggaliang pampulitika. Maraming mga Pilipinong gradwadong mag-aaral ang hinubog ng ideolohiya ng *Third Way* sa kanilang pag-aaral sa Cornell. Sa panimula ni Patricio Abinales sa *Imagined Communities* ni Anderson, inisa-isa niya ang mga Pilipinong pantas na nag-aral sa Cornell at impluwensyado ni Anderson (kasama siya): sina Vicente Rafael, Reynaldo Ileto, Filomeno Aguilar, at Caroline Hau.[16] Ang mga disertasyon nilang lahat ay pare-parehong inilimbag ng Ateneo de Manila. Nabanggit ni Veric na ang grupong ito ng mga pantas ay minsang tinawag ni Hau na "*Cornell school*."[17] Naging popular din ang bansag na "*Cornell mafia*" sa kanila. Ang kaligirang ito ang dahilan kung bakit, habang ang UP ay tinitingnan bilang dating kampo ng PP (dahil dito naglingkod si Salazar bilang propesor, tagapangulo, at dekano), ang Ateneo naman ay itinuturing na tahanan ng *Third Way* (dahil lahat ng miyembro ng "*Cornell mafia*" ay may kaugnayan sa Ateneo bilang dating mga mag-aaral, tagapagturo, o panauhing propesor ng unibersidad).

Sa grupong ito maaaring ihanay si Resil Mojares bilang historyador. Hindi man mismong nakapag-aral sa Cornell, makikita sa kanyang mga akda (lalo na sa kasalukuyang nirerebyu) ang bakas ng *Third Way* sa paraan niya ng pagtingin sa kasaysayan. Marahil ay maipaliliwanag ito ng kanyang kaugnayan sa "*Cornell mafia*" (may pagbanggit pare-pareho kina Rafael, Ileto, Aguilar, Hau, at Abinales sa kanyang *Interrogations*), gayundin ng kanyang koneksyon sa Ateneo (bilang madalas na tagapagsalita rito at tumanggap ng *Gawad Tanglaw ng Lahi* mula

[15] Reynaldo C. Ileto, "On the Historiography of Southeast Asia and the Philippines: The 'Golden Age' of Southeast Asian Studies—Experiences and Reflections," *Workshop for the Academic Frontier Project: Social Change in Asia and the Pacific*, 1-26, 2002.

[16] Patricio Abinales, "Benedict Anderson in the Philippines," in Benedict Anderson *Imagined Communities: Reflections on the Origin and Spread of Nationalism* (Mandaluyong: Anvil Publishing Inc., 2003), xi-xxvi.

[17] Charlie Samuya Veric, "The Fictions of Necessity," *Kritika Kultura* 1 (2002): 104.

© 2021 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

sa unibersidad). Ang pagkakahawig ng historiograpiya niya sa historiograpiyang *Third Way* ay kapansin-pansin sa sumusunod na magkakaiba ngunit magkakaugnay na mga tema: 1. Pagpapahalaga niya sa mga pamana at impluwensyang banyaga, 2. Pagkilala sa gampanin ni Nick Joaquin sa historiograpiya, 3. Diin sa obhektibong kapantasan, 4. Pagtingin sa kolonyalismo at nasyonalismo bilang bahagi ng iisang naratibo na bumuo sa bansang Pilipinas, at 5. Pagkritika sa nasyonalismo, kapwa sa anyo nitong Marxistang historiograpiya at Pantayong Pananaw. Mainam na busisiin ang bawat isa sa mga ito.

Una, tulad ng nabanggit na, naghahanap ang *Third Way* ng alternatibong pamalit sa kolonyal at nasyonalistang historiograpiya. O mas ispesipiko pa, pumapagitna ito madalas sa dalawa, kaya minsan ding tinataguriang historiograpiyang "*Middle Way.*" Sa ganang ito, medyo namamangka ang *Third Way* sa pagitan ng dalawa: sabay na pinupuri at pinupuna kapwa ang kolonyalismo at nasyonalismo. Kaya naman, 'di tulad ng nasyonalistang historiograpiya na puro lamang kritika sa kolonyalismo, maraming pagkakataon na upang sagutin ang mga kalabisan ng nasyonalismo ay kinikilala naman nito ang mga ambag sa Pilipinas ng kolonyalismo. Pinakalitaw ito sa ikatlong sanaysay ni Mojares na ukol sa paglilimbag. Sa rebyu ni Lucas (2018) sa *Interrogations* ay napansin niya na:

> Aligned with Joaquin's regard for Spain's legacy in Philippine history and society, Mojares, in writing about colonial printing (ch. 3), debunks the oft-repeated mantra that Spanish colonialism was primarily counterproductive. In this light, Mojares makes a clarion call for a more nuanced portrayal of that period. Many characters involved in this narrative are worth recognizing. Firstly, the Dominicans introduced printing to the Philippines, beginning with Doctrina Christiana en Lengua Española y Tagala (1593), and subsequently led the way in printing religious paraphernalia. Mojares also mentions "good Spaniards" like Gov.-Gen. Carlos María de la Torre and José Felipe del Pan and calls for a more favorable attitude toward them because of their contributions to the history of publishing.[18]

Ganito rin ang masasabi sa papel niya ukol sa debosyon ng mga Cebuano sa Santo Niño. Kinilala niya rito ang Kristiyanong ambag ng mga Espanyol sa kultural na identidad ng Cebu.

[18] Renato B. Lucas, "Interrogations in Philippine Cultural History: The Ateneo de Manila Lectures by Resil B. Mojares (review)," *Philippine Studies*: *Historical and Ethnographic Viewpoints* Volume 66, Number 1 (2018).

© 2021 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

Ikalawa, lubos na kinilala ni Mojares ang papel ni Nick Joaquin sa historiograpiya, bagay na karaniwan sa mga tagapagsulong ng *Third Way.* Habang siya ay madalas na hindi pinapansin ng mga nasyonalistang historyador, sanhi ng kanyang mga buwelta sa diskursong nasyonalista, mataas naman ang tingin sa kanya ng mga nasa kampo ng *Third Way* dulot ng parehong kadahilanan. Tulad ng naipakita ni Mojares sa unang sanaysay, ilang dekada pa man bago mamulaklak ang *Third Way* sa Cornell ay sumusulat na si Nick Joaquin ng mga akda na kakikitaan ng mga tema na kawangis ng sa *Third Way:* pagpuri sa pamana ng mga Espanyol at pagkritika sa diin ng nasyonalismo sa "masa" at "katutubo." Kaya naman hindi nakapagtataka na tinitingala siya ng mga tagapagsulong ng *Third Way.* Halimbawa, makailang ulit na sinipi at sinang-ayunan ni Vicente Rafael ang mga pahayag ni Joaquin sa akda niyang *White Love.*[19]

Ikatlo ay ang diin ni Mojares sa obhektibong kasaysayan. Gaya ng natalakay sa itaas, nais ng *Third Way* na bumuo ng "*autonomous history*" na malaya mula sa subhektibong pagkiling ng kolonyal na historiograpiya (sa kolonyalismo) at nasyonalismong historiograpiya (sa nasyonalismo). Pinuna halimbawa ni Mojares ang tendensya ng mga historyador na maging reduksyonista sa pag-aaral kay Bonifacio dahil sa kagustuhan ng mga ito na maidambana ang pagiging kabahagi ng "masa" ng pinuno ng himagsikan. Maging si Ileto ay pinuna niya sa pagbabago ng disertasyon nito nang ito'y maisa-aklat na, bagay na sa tingin niya ay ginawa ni Ileto para lamang magpatianod sa agos ng isang kapantasan na nakatuon sa "popular" o sa "masa" at sa gayon ay maging "*politically correct.*" Matapos nito ay nagtanong si Mojares:

> Where does one draw the line (if the line is to be drawn at all) between the production of a 'scholarly' text and strategic moves in a political discourse?[20]

Ikaapat, tulad ng pangkaraniwang tingin ng mga tagapagtaguyod ng *Third Way* sa daloy ng kasaysayang Pilipino, tinitingnan ni Mojares ang kolonyalismo at nasyonalismo hindi bilang dalawang magkahiwalay at magkalaban na prosesong historikal, bagkus ay bilang bahagi ng iisang naratibo kung saan ang kulminasyon ay ang pagkakabuo ng bansang Pilipinas. Muli, sa papel niya ukol sa paglilimbag ay ipinakita niya na ang pag-usbong ng nasyonal na kamalayan ay hindi nag-umpisa kay Bonifacio at sa Katipunan. Sa halip ay nagsimula ito sa

---

[19] Vicente L. Rafael, *White Love and Other Events in Filipino History* (Durham: Duke University Press, 2000).

[20] Mojares, *Interrogations*, 153.

© 2021 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

mga Espanyol na Peninsulares tulad ni del Pan, na nagpatuloy sa mga kreole tulad ni Burgos, naipasa sa mga mestiso tulad ni Rizal, hanggang makaabot ito sa mga ilustradong Indio tulad ni de los Reyes, at kalaunan sa radikal na Katipunan ni Bonifacio. Mapapansin sa daloy na ito na ang nasyonalismo, sa isang sentido, ay iniluwal ng kolonyalismo. Sabi nga mismo ni Mojares habang tinatalakay niya ang pananaw ni Joaquin sa kolonyalismo:

> …the Filipino nation was formed in the matrix of Spanish colonialism.[21]

Ikalima, makailang ulit binanatan ni Mojares ang diskursong nasyonalista, laluna sa anyo nitong Marxista at katutubo. Hindi na natin pagtutuunan pa ng pansin ang kritika ni Mojares sa Marxistang historiograpiya. Sapat nang banggitin na naisagawa niya ito nang sistematiko sa kanyang papel ukol sa uring panlipunan ni Bonifacio (ikalawang sanaysay). Ang ating interes ay nasa kritika niya sa indihenisasyon/Pilipinisasyon sa kasaysayan, lalo sa anyo ng Pantayong Pananaw. Sa papel niya kay Nick Joaquin ay makailang beses siyang nagsipi ng mga pangungusap nito na kontra sa indihenisasyon/Pilipinisasyon, na tinutukoy niya sa pamamagitan ng iba't ibang termino tulad ng "*ethnonationalism*"[22], "*essentializing indigenism*"[23], "*new nationalists*"[24] "*nativism*"[25], "*indigenous movement*"[26], "*indigenizing scholarship*"[27], at "*nationalizing forces.*"[28] Isa sa kanyang pangunahing puna sa indihenisasyon (kabilang na ang PP) ay ang istatiko 'di-umano nitong tingin sa kultura bilang hindi nagbabagong elemento. Sinang-ayunan ni Mojares ang konsepto ng "*Filipino becoming*" ni Nick Joaquin at sinipi ang mga katagang ito mula sa kanya:

> Those who want Philippine culture to be what it was 400 years ago are afflicted with the Dorian Gray illusion: the illusion that innocence can be frozen or that a personality can be kept from showing the effects on it of time, space, nature, society, the outside world.[29]

[21] Mojares, *Interrogations*, 4.
[22] Mojares, *Interrogations*, 8.
[23] Mojares, *Interrogations*, 9.
[24] Mojares, *Interrogations*, 10.
[25] Mojares, *Interrogations*, 10.
[26] Mojares, *Interrogations*, 149.
[27] Mojares, *Interrogations*, 150.
[28] Mojares, *Interrogations*, 153.
[29] Mojares, *Interrogations*, 10.

© 2021 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

Dapat salungguhitan na hindi ipinipilit ng indihenisasyon/Pilipinisasyon (lalo na ng PP) na ang kultura ay hindi nagbabago. Tinatanggap ng PP na ang kultura ay dinamiko, at maraming kultural na elemento at mga tradisyon noon na naglaho na sa kasalukuyan. Ang tanging iginigiit ng PP ay ang proposisyong sa gitna ng napakaraming pagbabago sa kulturang Pilipino, mayroong ilang pising kultural na nagpapatuloy. Ibig sabihin, kapwa mayroong pagpapatuloy at pagbabago (*continuity and change*) sa kultura. Sa isang lekturang propesoryal ni Vicente Villan[30] ay tinalakay niya na mayroong dalawang uri ng sanhi ng mga penomenang pangkasaysayan. Una ay ang obhektibong sanhi tulad ng heograpikal, heolohikal, ekolohikal at klimatolohikal na mga salik. Pangmatagalan ang epekto nito sa paghubog ng kultura at kasaysayan dahil matagal magkaroon ng pagbabago sa mga salik na ito. Ikalawa naman ay ang subhektibong sanhi tulad ng pilosopikal, pulitikal, at teknolohikal na mga salik. Mas pampanandalian ang implikasyon nito sa kultura at kasaysayan dahil mas mabilis itong magbago. Ang obhektibong mga sanhi ang primaryang dahilan kung bakit may mga kagawiang kultural sa sinaunang pamayanan na hanggang sa kasalukuyan ay narito pa rin. Ang ating mga ninuno at tayo ay kapwa naninirahan sa parehong arkipelago na may identikal na heyograpiya, klima, topograpiya, at iba pa. Nagbago man ang ilan sa ating pamamaraan ng pakikipagtunggali at pakikipagtulungan sa ating kapaligiran dulot ng pag-unlad ng teknolohiya, may ilang epekto ito sa kasalukuyan na katulad pa rin ng sa nakaraan. Ito ang pinakapunto ng *longue duree* (*long duration*), isang konsepto ng Pranses na historiyador na si Fernand Braudel.[31] Ang *longue duree* ay nagsasaad na posibleng pag-aralan ang kasaysayan ng isang napakahabang panahon, sapagkat may mga pising kultural na nananatili dulot na nga ng obhektibong mga sanhi. Kaya naman habang totoo ang sinabi ni Joaquin at Mojares ukol sa pagiging dinamiko ng kultura, may mga elemento rin itong nagpapatuloy.

Pinuna rin ni Mojares ang pagiging "*partisan*" ng indihenisasyon/Pilipinisasyon. Sa tingin niya, tulad ng Marxistang historiograpiya ay naisasakripisyo nito ang kapantasan sa altar ng "*political correctness*." Masyado raw nakatuon ang pansin ng mga Pilipinong pantas sa pagiging "*useful*," "*relevant*" at "*engaged*" ng mga ideya.[32] Dahil sa pagkakaroon ng pulitikal o kultural na "*agenda*," nagiging reduksyonista ang pag-aaral para lamang lumapat ang datos sa kanilang tunguhin. Sa ganang ito ay napapabayaan

---

[30] Vicente C. Villan, "Pananaw, Kaparaanan at Pagsasakasaysayan sa Pilipinas: Mga Babasahin sa Kasaysayang Pilipino," isang panayam na inilahad bilang bahagi ng *Serye ng Lekturang Propesoryal* sa Sta Mesa, Manila, Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, noong 2018.

[31] Fernand Braudel, *On History*, salin ni Sarah Matthews (Chicago: University of Chicago Press, 1980), 27.

[32] Mojares, *Interrogations*, 150.

© 2021 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

ang obhektibong pag-aaral ng kasaysayan. Ngunit matagal nang naipaliwanag ni Constantino na ang positibistang paggigiit ng isang obhektibong pag-interpreta sa kasaysayan ay ilusyonaryo. Ayon pa sa kanya:

> Objective facts and developments must be presented within a framework and a point of view, in order to serve a useful end. The vast accumulation of data cannot be absorved but it can be totalized as an experience showing the interrelation of economic, political, and social phenomena. It is only in this way that facts can be absorbed in a meaningful manner. For his work to be truly meaningful, the nationalist historian must become partisan in favor of the Filipino people because the battle against colonialism and imperialism is being waged not only in the political and economic fields but in the field of consciousness as well.[33]

Kung gayon, imposible ang pag-aaral ng kasaysayan na walang partikular na balangkas at perspektibang ginagamit. Sa makauring pagsusuri ng Marxistang historiograpiya, dalawang balangkas lamang ang maaaring gamitin: maka-kapitalistang pananaw o maka-proletaryadong pananaw. Walang gitna. Ganito rin naman ang idinidiin ng PP. Dalawa lamang din ang pagpipilian: makabanyagang pananaw o maka-Pilipinong pananaw. Sa kontekstong ito, ang panawagan ng *Third Way* na pumagitna, upang makabuo ng isang obhektibong "*autonomous history*" na malaya mula sa pagkiling sa kolonyalismo o nasyonalismo, ay tila imposible.[34] Hindi maiiwasan ang tanong na "para kanino?" kapag nagsusulat ng kasaysayan. Para ba sa banyaga (kapitalista sa Marxismo) o bayan (masa sa Marxismo)? Mas malala pa, ang hindi pagkiling sa "bayan" (sa kultural na kahulugan nito) ay (*by default*) pagkiling sa banyaga. Marapat tandaan na ang kawalan ng tindig ay isa rin mismong anyo ng tindig. Kaya naman ang paggigiit ng isang walang pagkiling na pag-aaral ng kasaysayan ay isang pretensyon, dahil ito ay implisitong pagkampi sa kolonyalismo.

Liban pa sa mga ito, sinalungguhitan din ni Mojares na masyado raw makitid ang mundo ng pagdidiskurso ng PP, na sarado ito at hindi nakikipag-ugnayan sa mga kilusan sa loob at labas ng bansa na may kapareho nitong layunin. Aniya:

---

[33] Renato Constantino, *Neocolonial Identity and Counter-Consciousness: Essays on Cultural Decolonization* (London: Merlin Press, 1978), 265-266.

[34] Para sa isang klasikong batis ukol sa "*autonomous history*", tingnan ang John R. W. Smail, "On the Possibility of an Autonomous History of Modern Southeast Asia," *Journal of Southeast Asian History* Vol. 2, No. 2 (1961): 72-102.

© 2021 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

> But many have lamented, with respect to Sikolohiyang Pilipino and Pantayong Pananaw . . . that they have remained largely 'closed' systems that have not productively linked up with parallel studies elsewhere in the country or the world.[35]

Dapat ipabatid na hindi totoo na walang pakikipag-ugnayan ang PP sa mga katulad nitong kilusan sa ibang bansa. Isang malaking testimonya nito ay ang pagkakabuo ng aklat ni Salazar na *Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu.* Sinabi rito ni Salazar na ang porma ng aklat ay resulta ng "pakikipagtalastasan ng may-akda 'sa labas.'"[36] Sinabi niya na mali ang haka ng ilan na ang mga panloob na kilusan gaya ng PP ay hindi dapat makipagdiskurso sa labas, sapagkat maging ang mga bansang may mayayabong na tradisyong pang-agham (tulad ng Alemanya at Hapon) ay nakikipagdiskurso rin sa mga banyaga sa ibang wika. Dagdag pa niya:

> Isang resulta ng pakikipagtalastasan 'sa labas' (at ng malalim na karanasan sa/ng *Iba*) ang PP.[37]

Ang "internasyunal" na karakter ng aklat ay mapatutunayan maging sa pamamagitan ng munting pagsulyap sa kung sino ang nagbigay ng pambungad na pananalita rito. Ang sumulat ng pambungad ng kanyang aklat ay si Ismail Hussein na naging matalik niyang kaibigan habang siya ay nag-aaral sa Sorbonne para sa kanyang doktorado sa etnolohiya. Si Hussein ay pangulo ng Federation of National Writers Associations of Malaysia, at nagsasagawa rin sa Malaysia ng proyektong intelektuwal na kawangis ng ginagawa ni Salazar sa Pilipinas. Isa pang patotoo ng pakikipag-ugnayan ng PP sa mga katulad na kilusan sa labas ay ang bisa ni Salazar sa Indonesia at Malaysia. Sa katunayan, sa ikaapat na internasyunal na kumperensya (may temang *The Malay World: Connecting the Past to the Present*) noong Setyembre 2017 ng International Council for Historical and Cultural Cooperation-Southeast Asia (ICHCC-SEA), na kinabibilangan ng Philippine Historical Association, Malaysian Historical Society, at Society of Indonesian Historians, ay pinarangalan si Salazar bilang "*prime mover of Pan-Malayan identity.*" Noon namang 2011 ay may isang dalubguro ng kasaysayan sa Universiti Brunei Darussalam na nagsulat ng ganito sa isang artikulo:

> Among scholars in the "maphilindian civilization," it is probably Zeus Salazar who has done the most in developing Pan-Malayan identity through scholarly efforts. His book, Malayan Connection:

[35] Mojares, *Interrogations*, 150.
[36] Zeus A. Salazar, *The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu* (Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1998), xvii.
[37] Salazar, *The Mayan Connection*, xxiii.

© 2021 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

> Ang Pilipinas sa Dunia Melayu (1998), constitutes probably the most developed articulation thus far of a version of Pan-Malayanism as a consciously political-cultural-academic project.[38]

Ilan lamang ang mga ito sa nagpapatotoo na hindi sarado at makipot ang diskurso ng PP bilang isang kilusan sa indihenisasyon/Pilipinisasyon. Kung ang kailangan namang ipaliwanag ay kung bakit wala raw 'di-umanong pakikipagtulungan ang PP sa iba pang kahawig na kilusan sa loob ng bansa, ang marapat munang itanong ay ito: mayroon bang ibang akademikong kilusang sa pagsasakatutubo ng kasaysayan sa bansa na organisado tulad ng PP (kung hindi man kasing unlad ng anyo nito)? Kung ang PP (kasama ng Pilipinolohiya at Sikolohiyang Pilipino) ang pinakamaagang akademikong kilusan sa pagsasakatutubo sa Pilipinas, saan/kanino sa loob ng bansa makikipag-ugnayan ang PP? Sa kontekstong ito ay maaaring ipagpalagay na isang "*unwarranted expectation*" ang ibinato ni Mojares sa PP.

Sa huling bahagi ng sanaysay ni Mojares ukol sa kapantasan ng "*long 1960s*" ay nanawagan siya para sa pag-alis ng esensyalistang dikotomiya sa pagitan ng indihenisasyon at globalisasyon. Ani niya:

> The dilemma is not a case of one or the other. My own sense is that 'nationalizing' and 'internationalizing' forces in the intellectual field need not be viewed as antithetical or a case of pre and post, but as part of a simultaneous process. Instead of dichotomies of global/local, center/periphery, or inside/outside, we need to hold both in view at the same time without blurring their distinctness or subordinating one to the other.[39]

Sa aking palagay ay mas madali itong sabihin kaysa gawin sa akademya. Ang pagbibigay-diin sa isa sa mga ito ay tiyak na may likas na negatibong epekto sa kabila, dahil likas na may salpukan ang dalawa sa iba't ibang aspekto. Isang halimbawa na nito ang *Third Way*. Bagaman ipinangangalandakan na pumapagitna ito sa kolonyalismo at nasyonalismo, minsan ay mas kumikiling ito sa una. Isa na lamang na halimbawa nito ang pagbibigay-prayoridad sa mga pamanang banyaga. Litaw ito hindi lamang sa aklat ni Mojares kundi maging

[38] Rommel A. Curaming, "Filipinos as Malay: Historicising an identity," in *Melayu: Politics, Poetics and Paradoxes of Race*, eds., Maznah Mohamad and Syed Muhd Khairudin Aljunied (Singapore: National University of Singapore Press, 2011), 253.

[39] Mojares, *Interrogations*, 153.

© 2021 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

sa iba pang sulatin ng mga pantas ng *Cornell mafia*.[40] Ang ganitong naratibo ay nakakapagdulot ng muli na namang pagbalik sa napaglipasan nang tingin sa Pilipinas bilang tagasalo lamang ng impluwensya mula sa labas. Pansinin sa mga lumang teksbuk ang tendensiya na magtuon ng pansin sa mga pamanang kultural ng mga Indiano, Tsino, at Arabo sa Pilipinas, sa halip na siryosong busisiin ang katutubong kulturang Malayo o Austronesyano. Hindi agad napapansin ang katotohanan na ang diin sa "Indianisasyon," "Sinisisasyon," at "Islamisasyon" ay isang taktika tungo sa lehitimasyon ng "*Westernization*" at "*Modernization*" sa porma nitong "Hispanisasyon" at "Amerikanisasyon." Hindi nakapagtataka kung bakit sumisikat ang paglathala sa kasalukuyan ng mga aklat na sumasalungguhit sa mga impluwensyang banyaga, tulad na lamang ng isang serye ng publikasyon ng mga aklat na may mga titulong *More Tsinoy than We Admit*[41], *More American than We Admit*[42], at *More Hispanic than We Admit*.[43] Habang hindi maikakaila na mayroon naman talagang impluwensya ang mga ito sa ating kultura, nagbibigay ang ganitong uri ng naratibo ng impresyon na wala tayong sariling identidad at tayo ay produkto lamang ng pinagsama-samang impluwensya ng mga banyaga.

Ukol naman sa nabanggit niyang dikotomiya ng global/lokal, gitna/gilid, o labas/loob, isa sa pangkaraniwang pag-aakala ng ilan ukol sa PP ay makitid umano ang paghihiwalay nito sa pagitan ng Pilipinas at banyaga. Naipaliwanag ko na sa isang mas maagang sanaysay na wala itong katotohanan.[44] Sa katunayan, sa halip na pagbabanggaan ng sarili (Pilipinas) at iba (banyaga), ang tunay na preokupasyon ng PP ay ang pagpopook ng Pilipinas sa mas malawak na kalinangang mundo ng Pan-Malayo at Austronesyano. Samakatuwid, sa halip na dikotomiya ng sarili at iba, ang tunay na salalayan ng PP ay ang trikotomiya ng sarili (Pilipinas), kapwa (Pan-Malayo at Austronesyano) at iba (Kanluran). Kaya naman hindi talaga pangunahing suliranin ng PP ang binanggit ni Mojares na dikotomiya ng global/lokal, gitna/gilid, o labas/loob.

---

[40] Muli, bilang halimbawa, tingnan ang pagsang-ayon ni Vicente Rafael sa mga kritisismo ni Nick Joaquin sa nasyonalistang historiograpiya sa kanyang introduksyon sa aklat na *White Love and Other Events in Filipino History* (Durham: Duke University Press, 2000), 1-18.

[41] Richard T. Chu, *More Tsinoy Than We Admit: Chinese-Filipino Interactions Over the Centuries* (Quezon City: Vibal Foundation, 2015).

[42] Julian Go, *More American Than We Admit: America's Cultural Influence on the Philippines* (Quezon City: Vibal Foundation, 2015).

[43] Isaac Donoso, *More Hispanic Than We Admit: Insights into Philippine Cultural History* (Quezon City: Vibal Foundation, 2008).

[44] Mark Joseph P. Santos, "Sarili, Kapwa, Iba: Ang Trikotomiya ni Zeus Salazar sa Pagpopook ng Kakanyahang Pilipino sa Kabihasnang Pan-Malayo at Austronesyano," *TALA* 3:2 (December 2020): 1-30.

© 2021 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

Ang ganitong pagbasa sa historiograpiya ni Mojares, sa lente ng tensyon sa pagitan ng *Third Way* at PP, ay preliminaryong pagsusuri pa lamang, lalo pa dahil isinagawa ito sa pamamagitan lamang ng paggamit sa isang aklat niya bilang kasong pag-aaral. Kung nais mapatatag ang opinyon na ang historiograpiya ni Mojares ay impluwensyado o kinatawan ng *Third Way*, kinakailangan ng isang mas masinsinang pagsusuri sa iba niya pang akdang pangkasaysayan. Magiging mabunga rin marahil kung babasahin ang kanyang mga akda katabi ng mga aklat na isinulat ng iba pang tagapagtaguyod ng *Third Way* sa Ateneo.

Sa kahuli-hulihan, sa kabila ng mga nailahad na puna ay maraming kalakasan ang aklat ni Mojares. Isa sa pinakakarapat-dapat banggitin sa mga ito ay ang pagbubukas nito ng oportunidad tungo sa isang mas siryosong pagtatalastasan sa pagitan ng historiograpiyang *Third Way* at Pantayong Pananaw.

© 2021 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

## SANGGUNIAN

Abinales, Patricio. "Benedict Anderson in the Philippines." In Benedict Anderson, *Imagined Communities: Reflections on the Origin and Spread of Nationalism*, xi-xxvi. Mandaluyong: Anvil Publishing Inc., 2003.

Agoncillo, Teodoro A. *Revolt of the Masses: The Story of Bonifacio and the Katipunan*, 2002 Edition Quezon City: University of the Philippines Press, 2002.

Braudel, Fernand. *On History*. Salin ni Sarah Matthews. Chicago: University of Chicago Press, 1980.

Chu, Richard T. *More Tsinoy Than We Admit: Chinese-Filipino Interactions Over the Centuries.* Quezon City: Vibal Foundation., 2015.

Constantino, Renato. *A Past Revisited.* Quezon City: Renato Constantino, 1975.

________. *Neocolonial Identity and Counter-Consciousness: Essays on Cultural Decolonization.* London: Merlin Press, 1978.

Curaming, Rommel A. "Filipinos as Malay: Historicising an identity." In *Melayu: Politics, Poetics and Paradoxes of Race*, eds., Maznah Mohamad and Syed Muhd Khairudin Aljunied, 241-274. Singapore: National University of Singapore Press, 2011.

________. "Hegemonic Tool? Nationalism in Philippine History Textbooks, 1900-2000." *Philippine Studies* Vol. 65, No. 4 (2017): 417-450.

Donoso, Isaac. *More Hispanic Than We Admit: Insights into Philippine Cultural History.* Quezon City: Vibal Foundation, 2008.

Go, Julian. *More American Than We Admit: America's Cultural Influence on the Philippines.* Quezon City: Vibal Foundation, 2015.

Guillermo, Ramon. *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw.* Quezon City: University of the Philippines Press, 2009.

Ileto, Reynaldo C. "On the Historiography of Southeast Asia and the Philippines: The 'Golden Age' of Southeast Asian Studies—Experiences

© 2021 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

and Reflections." *Workshop for the Academic Frontier Project: Social Change in Asia and the Pacific*, 1-26. 2002.

Lato-Ruffolo, Cris Evert. "Mojares: National Artist Makes Cebuanos Proud." *Inquirer.Net*. November 4, 2018. https://newsinfo.inquirer.net/1050184/mojares-national-artist-makes-cebuanos-proud. Accessed on February 1, 2021.

Lucas, Renato B. "Interrogations in Philippine Cultural History: The Ateneo de Manila Lectures by Resil B. Mojares (review)." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints* Volume 66, Number 1 (2018): 130-133.

Mojares, Resil B. *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Filipino Novel, Until 1940*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1983.

________. *Theater in Society, Society in Theater: Social History of a Cebuano Village*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1985.

________. *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T.H. Pardo de Tavera, Isabelo de los Reyes and the Production of Modern Knowledge*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2006.

________. *Interrogations in Philippine Cultural History: The Ateneo de Manila Lectures*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017.

Mojares, Resil B. and Benedict J. Kerkvliet. *From Marcos to Aquino: Local Perspectives on Political Transition in the Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1991.

Ocampo, Ambeth. *Meaning and History: The Rizal Lectures*. Mandaluyong City: Anvil Publishing Inc, 2013.

*Philippine Studies* Vol. 67, No. 3-4 (2009), Festschrift in Honor of Prof. Resil B. Mojares.

Rafael, Vicente L. *White Love and Other Events in Filipino History*. Quezon City: Ateneo de Manila, 2000.

© 2021 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108

Salazar, Zeus A. "A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History." In *The Ethnic Dimension: Papers on Philippine Culture, History, and Psychology*, ed., Zeus A. Salazar, 107-126. Cologne: Counseling Center for Filipinos, Caritas Association of the City of Cologne, 1983.

________. "Ang Pantayong Pananaw bilang Diskursong Pangkabihasnan." In *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan*, eds., Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, and Vicente Villan. Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1997.

________. *The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu.* Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1998.

Santos, Mark Joseph P. "Sarili, Kapwa, Iba: Ang Trikotomiya ni Zeus Salazar sa Pagpopook ng Kakanyahang Pilipino sa Kabihasnang Pan-Malayo at Austronesyano." *TALA* 3:2 (December 2020): 1-30.

Smail, John R. W. "On the Possibility of an Autonomous History of Modern Southeast Asia." *Journal of Southeast Asian History* Vol. 2, No. 2 (1961): 72-102.

Veric, Charlie Samuya. "The Fictions of Necessity." *Kritika Kultura 1* (2002): 101-104.

Villan, Vicente C. "Pananaw, Kaparaanan at Pagsasakasaysayan sa Pilipinas: Mga Babasahin sa Kasaysayang Pilipino." Isang panayam na inilahad bilang bahagi ng *Serye ng Lekturang Propesoryal.* Sta Mesa, Manila: Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, 2018.

© 2021 Mark Joseph Pascua Santos

ISSN 2651-7108